**Paul Rico C. de Lara**

# SA PLANTA NG SALAMIN

May mga mali na ibinabalik,
Hindi maiiwasan,
May mga sablay na hindi makahalik sa tama
Sa eksaktong nais salpakan.
May ganti ang may-ari sa mga salamin
Na pinauuwi ng kostumer.
May kumapos na sukat,
May gasgas na hindi nakikita,
May pingas sa pagkakauntog,
May mga salamin na binasag ng multo.
Nahihinuha kong may napipintong mga kaltas
Sa mga walang imik
Na pawisang barya sa opisina.
Paniguradong sa kinsenas at katapusan
ang magiging araw
Ng undas at pagluluksa.
May minsang kahit sugatan ang kamay

Ay hindi nag-aabalang humingi ng gamot.
Walang nakikitang tao ang may-ari.
Ang nakikita ng mga mata niyang singkit
ay mga tau-tauhan na isinasabak
Sa digmaan
At pinapalamon ng bulyaw.
May minsang sumagi sa isipan ko
ang isang matalim na alaala:
Wika ng isang singkit na dayo;
Mas mahal ang mga ibinabalik na salamin,
Mas mahal kaysa sa buhay,
Barya lang ang buhay.
Barya lang.
Pinagmasdan ko ang sugatang kamay,
Ang dugo na dumadaloy mula rito.
Nanghinayang ako sa dugo,
Marahil nasanay na akong dumudugo.

# GLASS CUTTER

Matagal ko nang kilala ang salamin,
Ngunit nananatiling
Di kami magkakilala,
Marami pa siyang lihim
Sa likod ng kaniyang repleksiyon.
Trabaho ko siyang tabasin
Sa nais na sukat o hugis
Ng arkitekto o ng glass installer.
Matimtimang birhen,
Hindi puwedeng masyadong madiin
Ang hawak sa carbide,
Dahil mamumutla ang linya,
Mababaluktot ang iyong guhit
Sa kaniyang ibabaw.
Kailangan mo siyang kalingain
Sa init mula sa gaas
Upang hindi matuyo
Ang sinusundan mong hiwa,
Kailangan ang tiyaga
Upang magpaubaya itong
Magpahati sa gitna.
Bugnutin ang salamin,

Hindi bumibigay agad-agad,
Bigla-biglaang sumisibat,
Nakikipagmatigasan,
Kung minsa'y bumubulusok pababa,
Walang sabi-sabi,
Bigla-bigla,
Bumibira nang walang babala,
Kailangan tukuyin ang kanyang mga
Paramdam.
Na mahirap isawalang bahala,
Dahil tahimik lang ang salamin
Ngunit hindi ito marunong magbiro.
Kapag sinumpong ng saltik,
Humahalik ito sa balat
Gamit ang labi niyang matalas.
Nag-iiwan ng marka,
Ng kanyang teritoryo,
Ng kanyang palatandaan,
Ng kanyang sumpa—
Sa ganyan mo siya makikilala,
Sa ganyan mo siya maiintindihan.

# MANUAL CUTTING

Kaulayaw ang talim ng salamin,
Kasama sa trabaho ang makipagbuno
Sa matalas na haplos.
Hindi maaaring madiin
Kung ayaw tumagos at maglagos.
Palagi akong nakikiramdam sa panganib,
Sa biglaang bigwas ng kamalasan.

Sa aking mesa, masusing inaaral ang numero sa dokumento,
Kailangan unawain ang job order,
Ang metro ang magsisilbing gabay
Sa pagtukoy sa haba at lapad,
Sa hangganan at makakayanan,
Ang speed cutter ay kagamitan na tila espadang humihiwa sa malalawak na salamin.
Pinanghahati sa dambuhalang babasagin
Na dagli kung bumitak.

Sa pagtatabas, kailangan tumugma sa sukat,
Eksakto, walang labis, walang kulang.
Maingat itong tinatabas nang may kahusayan,
Iniiwasan ang pingas, gasgas at pagsibat,
Walang kasiguraduhan, kahit na sa salamin,
Minsan kang masusugatan at bibiguin,
Ngunit kapag nakabisa mo ang mga ruta
Sa kanyang mga paglalambing,
Sa kanyang kahinaan,
Maaangkin mo ito nang buo,
Saka palang ito magpapaubaya sa ‘yo.

At sa pagtatapos ng araw, pagmamasdan ko
Ang mga nakahilerang tinabas,
Ang mga hugis at kurba,
Ang pilantik at tulis
Na hindi kayang ipaubaya sa makina.
Tao lamang ang may kakayahang humagod
Nang may pag-unawa sa linya,
Kamay pa rin ang nakakagamay sa mga
Komplikadong guhit na hindi makopya ng makinarya.
Namumukod-tangi pa rin ang sayaw ng mga daliri.
Kaya't sa pagtatapos ng araw
Sasalubungin ako ng mga sulyap nang may paghanga,
Mula sa mga singkit na banyaga,
Bumabangon sa loob ng dibdib
Ang magiting na bandila.

# DUGO ANG HALIMUYAK NG HANGIN

May halik ng kamalasan
Ang umagang iyon
Sa kasamahang si Allan.
Habang magkaatang nilang
Buhat-buhat ang salamin
Ay bigla itong nahati sa gitna.
Bumulusok pababa
At naligo sa dugo
Ang kanyang mga kamay.
May lamat na hindi napansin,
May lamat ang salamin
Na dapat ay pinapansin.

Malalim ang sugat
Na pumigtas sa kanyang
Mga ugat.
Sinubukan niyang pagalawin
Ang hintuturo,
Ang palasingsingan
At hinliliit. . .
Hindi gumalaw.
Baldado ang kamao
Ng magiting.
Binalot ng pamamanhid
Ang buong braso,
Sumirit ang buhay,
Nagkalat ang tipak-tipak
Na dugo sa sahig.
Nagkagulo,
Natarantang nag-abala
Ang mga kasamahan
Upang akayin siya
Sa pagamutan.
Nagbabala ang diyos na amo
Na huwag isasakay ang alipin
Sa kanyang karuwahe,
Ayaw niyang mabahiran
Ng mantsa ng dugo
Ang mala-anghel na sasakyan.

Muling sinubukan ni Allan
Pagalawin ang mga daliri.
Hindi pa rin gumagalaw.
Ikinampay niya sa hangin
Ang mga ito
At kumalat ang malansang
Halimuyak ng katotohanan,
Manhid ang puso ng pinapanginoon
Sa planta,
Higit kaysa pamamanhid
Na gumapang sa mga
Napigtas na ugat sa kamay.

Tumingala si Allan sa langit
Habang tinatantiya
Ang nalalabing
Hininga sa dibdib.
Wika niya:
May lamat ang salamin,
Ang lamat ay dapat na
Pinapansin.

# SUWELDO

Bukas ay may mga pawisang likod
Na hindi nananabik ilahad ang palad
Sa salaping pararaanin ng hangin.
Magdaraan sa mga kinakalyong daliri
Ang ilang piraso ng mga papel
Na nilamukos at isinisilid
Sa butas na bulsa.

Mahaba ang listahan na maglulubog
Sa nangangatal na katawan,
Sa mga kautangang singlalim ng hinuhugot
Na hininga ng mga payat na dibdib.

Mabigat ang nakaatang na tungkulin
Sa nangangawit na balikat.
Hindi maaaring umiling o humindi sa kautusan
Ng kataas-taasan.
Kawal kang ibabala sa bubunga ng kanyon,
Kawal kang ililibing ng walang pagkilala.

Magaan ang katumbas sa pagsisikap,
Magaan ang isinusukli sa paghihirap
Sinisikap ngunit hindi sumasapat sa mga yagit na pinggan ang kakarampot na ambon
Na idinudura ng mga pinapanginoon.
Hindi makatawid sa buhay na tuwid
Ang mga lulugo-lugong kalansay.
Kaya't sa pagdidilim ng paningin,
Sa tuwing ginagapi ng halang na kaluluwa
Ang sariling dangal,
Nagiging halimaw ang loob ng bituka,
Tuwing nalalapnos sa gutom,
Pumapaslang ito ng kabutihan upang mabuhay.

# GUSALI

Sinusuyod paitaas ng iyong mga mata
Ang matatayog na gusaling pumigil
Sa iyong paghinga.
Inaninaw mo ang kulay asul na salamin
Na nakalapat sa bawat durungawan at lagusan ng hangin.
Namangha ka sa kinang na kumikindat-kindat
Sapagkat wari mo'y brilyante itong pakislap-kislap na pinapatingkad
Sa tuwing hinahagkan ng sinag mula sa araw.
Sinuklian mo ng isang buntonghininga
Ang magarbong bihis ng gusali.
Marapat lamang na ito'y tingalain
Sapagkat dito nananahan ang mga
Taong ni minsa'y hindi dinampian ng alikabok
O pinawisan ang kilikili,
Ni hindi nakaranas na duguin ang bituka
Nang dahil sa wala nang magiling,
Ngunit sa likod ng ningning
Ay may mga kamay na dakila
Na nagsipagtigis ng dugo at lakas

Upang itindig sa ilalim ng matalas na sikat ng araw
Ang kamangha-manghang giting ng mga gusaling humahalik sa langit.
Walang nakakaalam na may buhay
Na nalaglag mula sa itaas,
Walang sumalo sa mga patpating katawan
Na nilasog ng malamig na semento.
Walang nakapagsino kung kaninong utak
Ang nagkalat sa malawak na espasyo.
Walang pangalan ang mga multong ibinaon sa pundasyon ng mga dambuhalang bato.
Nagsasalita ang mga dingding,
Umiiyak ang mga pader,
Bumubulong ang maliliit na tinig,
Kumakaway sa hangin ang katotohanan,
Hindi nag-aapuhap ng pagkilala
Bagkus isang maliit na durungawan ang hinihiling
Upang makahinga
Ang mga aninong itinapon sa dilim
Ng nagkukumahog na lungsod.

# LIYO

Kung sakaling maliyo sa alak
Ipaalala mo sa akin
Ang magpahinga.
Sapagkat nakakahapong
Damhin ang sakit
Sa paghaplos sa talim,
Nahiwa ako nito
Nang hindi ko alam.

Ayaw ko matigil
Sa puntong
Hindi na makakagalaw
Upang makaalis.
Subalit tinuruan mo akong manalig
Sa mga bulong ng puso ko.
Umabot ako sa ganito,
Hindi natitinag.
Nanatiling buo,
Sa kabila ng pakla
Na humahagod
Sa lalamunan,
Nakikipagtuos ako
Sa sama ng loob,
Bago sumuko
At tanggapin na pinapauwi
Na ako ng mga naitumbang bote.
Pero kailangang baybayin ang daan,
Mahagkan ang bahay,
Maisip ko na
May kapirasong tamis ang buhay
At bumalik sa mga rason kung bakit
Kailangan ko muling huminga.